

# COVID-19 Mga Panloloko at Pandaraya

Kapag may isang krisis sa kalusugan, ang mga manloloko (scammers) ay mabilis na humahanap ng mga paraan para lokohin ang mga tao sa kanilang mga pera. Sa panahon ng pandemyang coronavirus, gumagamit ang mga manloloko ng robocalls, mga post sa social media, at mga email para samantalain ang takot, pagkabalisa, at pagkalito tungkol sa COVID-19. Ang mga kriminal ay nagbebenta ng mga bagay-bagay na hindi gumagana, naniningil ng pera para sa mga bagay na libre, at nagnanakaw ng personal na impormasyon. Bantayan ang mga panlolokong ito:



## Mga Panloloko sa pagsusuri ng COVID-19

- **Ang mga home test kit na ibinebenta sa kalye o inihahatid sa pintuan ay isang panloloko.** Hanggang noong Hunyo 2, 2020, ang mga home test kit ay magagamit lamang kapag may utos ng doktor at ang mga ito ay hinahatid sa mga pasyente sa pamamagitan ng koreo.
- **Ang pagsusuri para sa coronavirus ay magagamit nang libre** sa sinuman na nasa LA County, *anuman ang katayuan ng imigrasyon*. Kung ikaw ay may sakit o nababaha tungkol sa COVID-19, makipag-usap sa iyong doktor. Maaari ka ring makakuha ng libreng pagsusuri sa pamamagitan ng pagbisita sa [covid19.lacounty.gov/testing](https://www.covid19.lacounty.gov/testing) o pagtawag sa 2-1-1.
- **Malaman ang tungkol sa pagsusuri sa COVID-19 [dito](#).**

## Mga panloloko sa contact tracing

- **Ang mga manloloko ay maaaring tumawag, bumisita, sumulat, o mag-email para sumubok na makakuha ng impormasyon.** Ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay tumatawag, nag-i-email o sumusulat sa mga taong may COVID-19 at sa mga tao na maaari nilang nakasalamuha. Ang mga tawag mula sa Pamublikong Kalusugan ay magpapakita ng “LA PublicHealth” o 1-833-641-0305 sa caller ID. Hindi sila kailanman magtatanong tungkol sa katayuan ng imigrasyon, hihiling ng social security number, o manghihingi ng pera. Kung makakuha ka ng tawag o mensahe mula sa Pamublikong Kalusugan, mangyaring tumugon o tawagan sila pabalik para tumulong sa amin na makontrol ang pagkalat ng COVID-19 sa Los Angeles County.

## Pekeng mga COVID-19 na paggamot at “mga milagrong lunas”

- **Ang mga patalastas at promosyon para sa mga suplemento at “mga paggamot” ay maaaring maling ipahayag na makapagpipigil o makagagamot ng COVID-19.**
- **Walang “listahan ng mga naghihintay para sa bakuna”.** Huwag hayaang kunin ng isang manloloko ang pera niyo para ilagay sa listahan ng mga naghihintay ng pekeng bakuna.
- **Palaging komunsulta sa isang doktor o iba pang lisensyadong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan** bago uminom ng anumang gamot o produktong pangkalusugan.

## Kumuha ng Tulong

- **Maghanap ng doktor:** tawagan ang 2-1-1 ang linya ng impormasyon ng LA County o bisitahin ang [211LA website](https://www.211LA.com)
- **Maghanap ng mga mapagkukunan tulad ng mga pagkain, gamot, at iba pang mga kinakailangang suplay:** tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang [211LA website](https://www.211LA.com), o ang Pamublikong Kalusugan [resource webpage](https://www.lacounty.gov/health).
- **I-ulat ang isang posibleng COVID-19 na panloloko at makakuha ng tulong sa pagsubok na mabawi ang iyong pera:** kontakin ang LA County Department of Consumer and Business Affairs: [dcba.lacounty.gov](https://www.dcba.lacounty.gov) o 800-593-8222.
- **I-ulat ang mga kahina-hinalang pagpapahayag tungkol sa mga produkto sa pagsusuri o paggamot :** i-ulat sa FTC sa [ftc.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint)

## Mga Panloloko sa stimulus na tseke

- **HINDI KAILANMAN** ka sasabihan na paunang magbayad ng pera para matanggap ang iyong Federal stimulus na tseke, bayad ng seguro sa kawalan ng trabaho, buwanang bayad ng social security.
- **Malaman ang higit pa [dito](#)** tungkol sa kung paano maiwasan na maloko sa iyong stimulus na tseke.

## Hindi makatwirang pagtaas ng presyo sa panahon ng pandemyang COVID-19

- **Huwag magbayad nang higit kaysa sa dapat mong bayaran para sa mga suplay at serbisyo.** Ang hindi makatwirang taas-presyo o price gouging ay kapag sinabihan kang magbayad ng 10% o higit pa na lagpas sa karaniwang presyo para sa mga kinakailangang kalakal at serbisyo.
- **Ang hindi makatwirang taas-presyo ay ilegal.** Malaman ang higit pa o i-ulat ang hindi makatwirang taas-presyo sa ng [COVID-19](#) ng LA County.

## Pekeng “mga katulong” na nag-aalok na maghatid at magsadya

**Ang mga manloloko ay nag-aalok ng tulong habang nasa bahay ka sa panahon ng COVID-19 at itatakbo ang iyong pera.**

- Ipahatid sa iyong mapagkakatiwalaang kaibigan o kapit-bahay ang mga kinakailangang suplay tulad ng mga pagkain at gamot, isaayos ang paghahatid sa isang kilalang kumpanya, o gamitin ang isa sa mga libreng serbisyo sa ibaba
- **Kilalanin kung kanino ka bumibili.** Ang ilang [mga nagbebenta online](#) ay nagpapahayag na mayroon silang mga produkto na mataas ang pangangailangan, tulad ng mga panlinis at medikal na suplay na wala naman talaga sila. Umorder direkta mula sa tindahan o parmasya at magtanong tungkol sa libreng paghahatid.
- **Malaman ang tungkol sa mga opsyon na libre at mababa ang gastos.** Maaari kang makakuha ng mga libreng paghahatid sa pamamagitan ng [Critical Service Delivery Program](#) ng LA County o tumawag sa 888- 863-7411.
- **Maraming programa ang naghahatid ng libreng pagkain araw-araw.** Magpatala sa [Great Plates Delivered Program](#) ng LA County, o sa Senior Meals Program [online](#) ng lungsod o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 510-2020. Para sa mga opsyon sa iyong lugar, bisitahin ang [211LA](#), o tawagan ang 211.

## Pekeng mga kawanggawa

- Maraming mga tao ang gustong tulungan ang ibang tao sa komunidad na nagdurusa at maaaring nawalan ng kanilang mga trabaho dahil sa coronavirus. Sa kasamaang palad, ang mga taong gustong tumulong ay maaaring samantalain ng mga tusong manloloko.
- **Pag-aralan mabuti ang tungkol sa [mga donasyon](#).**
- Huwag hayaang madaliin ka ng sinuman sa paggawa ng donasyon at suriin kung ang kawanggawa ay lehitimo sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa [Registry of Charitable Trusts](#) ng CA Attorney General. Makakuha ng mga karagdagang payo sa matalinong pagbibigay ng donasyon sa [ftc.gov/charity](#)

## Pagnanakaw ng medikal na pagkakakilanlan at mga panloloko ng “phishing”

- **Ang mga manloloko ay sinusubukang magnakaw ng mga insurance number, personal na impormasyon, at pera.** HUWAG KAILANMAN ibigay ang iyong Medicare o Medi-Cal insurance number o Social Security number, o iba pang personal na impormasyon sa pamamagitan ng telepono, email o text bilang tugon sa isang hindi hiniling (hindi imbitado o hindi kilalang) kontak.
- **Ang mga ahensya ng gobyerno tulad ng Medicare, Medi-Cal, Social Security, at IRS** ay hindi ka tatawagan para magbenta sa iyo ng anumang bagay o mag-alok na “itala” ka sa pamamagitan ng telepono. Hindi ka nila kokontakin para sa iyong personal na impormasyon hangga’t hindi mo sila binibigyan ng paunang permiso. Hindi ka rin nila bibisitahin sa bahay. Heto ang ilang mga payo sa kung paano [pigilan ang panloloko sa Medicare](#) at [mga panloloko sa Social Security](#) na may kaugnayan sa coronavirus.
- **Huwag sagutin ang robocalls** mula sa isang “ahensya ng gobyerno”. Kung ang [illegal na robocalls](#) na ito ay magpapatuloy, tanungin ang kanilang impormasyon nang sa gayon ay maiulat sila sa [Federal Trade Commission](#). Maaari mo ring bawasan ang bilang ng mga tunay na tawag sa pagbebenta sa pamamagitan ng pagsali sa [“Huwag Tumawag na Listahan.”](#)

## Maging napapanahon – sa maaasahang impormasyon

Mag-ingat sa pekeng balita at mga panlilinlang pati na rin mga panloloko na bumabalot sa COVID-19

### Mga Update sa Coronavirus

- Bisitahin ang [ph.lacounty.gov/media/Coronavirus](https://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus), mag-sign up para sa press releases, o sundan kami sa @lapublichealth
- Bisitahin ang COVID-19 webpage ng County [covid19.lacounty.gov](https://covid19.lacounty.gov)
- Tingnan ang website ng CDC [www.cdc.gov/coronavirus](https://www.cdc.gov/coronavirus)

### Mga Alerto sa Panloloko

Maging napapanahon sa mga pinakabagong panloloko at mga pag-iingat na dapat gawin niyo at ng pamilya niyo.

- Malaman ang tungkol sa mga kamakailan lamang na panloloko mula sa [mga alerto sa konsyumer](#) ng Los Angeles County Consumer and Business Affairs
- Bisitahin ang Los Angeles County [Office of Immigrant Affairs COVID-19](#) webpage
- Mag-sign up para sa American Association of Retired Persons (AARP) [Fraud Alerts Watch](#)
- Mag-sign up para tumanggap ng [mga alerto sa konsyumer](#) ng Federal Trade Commission

**Malaman ang higit pa tungkol sa mga panloloko at iba pang mahahalagang mga isyu sa kalusugan ng konsyumer sa pamamagitan ng pagbisita sa [ph.lacounty.gov/hccp](https://ph.lacounty.gov/hccp)**